


Music

Ika-apat na Markahan – Modyul 3: Pag-awit sa Itinalagang Tempo



Music – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ika-apat na Markahan – Modyul 3: Pag-awit sa Itinalagang Tempo
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Edralin A. Gumilan

Editor: Reynaldo Deocampo, Neal Keith Gonzales, Arcel Gacasan

Tagasuri: Marciano G. Canillas, Maricel M. Jamero, Neil Edward D. Diaz

Tagaguhit: Ericka Jean D. Gumilan

Tagalapat: Edgin Rose A. Gumilan

Tagapamahala: Evelyn R. Fetalvero

Reynante A. Solitario

Janette G. Veloso

Janwario E. Yamota

Analiza C. Almazan

Djhoane C. Aguilar

Ma. Cielo D. Estrada

Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Jeselyn B. dela Cuesta

Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Music

Ika-apat na Markahan – Modyul 3:
Pag-awit sa Itinalagang Tempo

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Music sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pag-awit sa Itinalagang Tempo!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Music sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) modyul ukol sa **Pag-awit sa Itinalagang Tempo!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksiyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa iyo. Ito ay ginawa para makatulong sa iyong pag-aaral. Layunin nito na mapahusay ang iyong kaalaman sa pag-awit ng mga simpleng awitin sa itinalagang tempo. Ang mga awiting ginamit ay mga pamilyar para madali lang itong awitin.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. naawit ang mga paboritong kanta sa itinalagang tempo **(MU3TX-Nd-f-2)** katulad ng sumusunod na mga simpleng awitin: a) Silent Night, b) Bahay Kubo, c) Ten Little Indians, d) Leron, Leron Sinta, e) Lullaby, at e) He's Got the Whole World
2. naawit ang mga awitin sa itinalagang tempo na mabagal, katamtaman at mabilis;
3. nalalaman na ang isang awit ay may itinalagang tempo na mabagal, katamtaman at mabilis. Ito ay nakaapekto ng damdamin. Ito ang dahilan kung bakit may lungkot, antok, sigla at saya sa umaawit at nakikinig nito.



Subukin

Panuto: Basahing mabuti at sagutin ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang awiting ito ay naghatid ng ligaya, sigla at indak sa mga kumakanta dahil sa tempo nitong _____.
 - a. Mabagal
 - b. Mabilis
 - c. katamtaman
 - d. Wala sa lahat

2. Anong awit ang may itinalagang katamtamang tempo.
- a. Bahay Kubo
 - b. Leron, Leron Sinta
 - c. Ten Little Indian
 - d. Wala sa lahat
3. Kapag ang tao ay malungkot, ang kinakanta niyang mga awiting ay _____.
- a. Mabagal na tempo
 - b. Mabilis na tempo
 - c. Katamtamang tempo
 - d. Wala sa lahat
4. Bakit kaya madaling makatulog ang sanggol sa mga awiting mabagal ang tempo katulad ng "Lullaby"?
- a. Dahil magaling kumanta ang ina
 - b. Dahil masaya ang kanta
 - c. Dahil mabagal ang tempo ng kanta
 - d. Wala sa lahat
4. Bakit sa tuwing makarinig tayo ng mga masayang awitin ay mapapasayaw tayo?
- a. Dahil may taglay itong mabilis na tempo
 - b. Dahil may taglay itong mabagal na tempo
 - c. Dahil may taglay itong sumpa
 - d. Wala sa lahat

Aralin

1

Pag-awit sa Itinalagang Tempo



Balikan

Balikan natin ang nakaraang aralin na ang pagkakaiba ng mga tempo. Dito natin nalaman na ang tempo ay magkaiba mayroong mabilis, mabagal at katamtaman lamang.

Panuto: Piliin ang tamang sagot na makikita sa Hanay B at ilagay sa puwang sa Hanay A. Isulat sa sagutang papel.

Hanay A

- _____ 1. Mabilis ang pagtakbo
- _____ 2. Gumapang ng mabagal
- _____ 3. Maaaring ipakita sa pamamagitan ng iba't ibang kilos o galaw na mabagal, katamtaman, at mabilis.
- _____ 4. Katamtaman ang paglakad
- _____ 5. Lumilipad ng mabilis

Hanay B



E Tempo



Tuklasin

Ang bawat awit ay may itinalagang tempo na maaring makaapekto ng ating damdamin. Ito ay naghahatid sa atin ng lungkot o saya. Paano natin ito malalaman? Ito ay malalaman natin sa kanilang tempo. Maaring ito ay mabilis, mabagal o katamtaman lamang. Subukan nating awitin ang “Silent Night” na palagi mong napapakinggan tuwing pasko. Awitin mo ang unang linya ng liriko sa tempo na adagio o mabagal. Sa pangalawang linya naman ay awitin mo ito sa tempo na moderato o katamtaman. Ang panghuling linya ay awitin mo ito sa allegro o mabilis na tempo.

Silent Night

Franz Xaver Gruber

**Adagio/
Mabagal**

Si lent night Ho ly night All is come all is bright

9

**Moderato/
Katamtaman**

Round you vir gin Mo therand child Ho - ly in - fantso ten - derand mild,

17

**Allegro/
Mabilis**

Sleep in hea - ven - ly peace Sleep in hea - ven - ly peace

<https://musescore.com/user/27961252/scores/5335829>

1. Sa unang linya ng liriko ng pagkanta mo ng "Silent Night", ano ang tempo nito?
 - a. Mabagal
 - b. Mabilis
 - c. Katamtaman
 - d. Wala sa lahat
2. Ano ang naramdaman mo ng awitin mo ito sa mabagal na tempo?
 - a. Saya
 - b. Tuwa
 - c. Lungkot
 - d. Wala sa lahat
3. Kung aawitin mo ang pangalawang linya at isabay ang pagpalakpak ng iyong mga kamay, anong tempo ito?
 - a. Mabagal
 - b. Mabilis
 - c. Katamtaman
 - d. Wala sa lahat
4. Sa pangatlong linya na inaawit mo ito ng mabilis kasabay ng pagpadyak ng iyong mga paa, ano ang mararamdaman mo?
 - a. Aantokin
 - b. Mapasayaw
 - c. Maguguluhan
 - d. Wala sa lahat
5. Bakit kaya mabagal ang tempo na ginagamit sa isang malungkot na awit?
 - a. Dahil ang mabagal na tempo ay nakapagbibigay lungkot sa mga nakikinig
 - b. Dahil nakapagbibigay ito ng tuwa sa mga nalulungkot
 - c. Dahil alam nila na kailangan nilang lungkutin ang mga nakikinig nito
 - d. Wala sa lahat



Suriin

Bahay Kubo

Tagalog Folk Song

**Adagio/
Mabagal**

Ba - hay - ku - bo, ka - hit mun - ti, ang ha - la - man do on, ay sa - ri sa - ri; singka

10 mas at ta - long, si - ga - ril - yas at ma - ni, si - taw, - ba - taw pa - ta ni. Kun - dol, pato -

**Moderato/
Katamtaman**


19 la, u - po't kala ba - sa, atsa - ka may-ro'n pang laba - nos, mus - ta - sa, si - bu - yas, kama - tis, ba -

**Allegro/
Mabilis**

28 wang at lu - ya, sa pa - li - gid ni - to ay pu - no ng li - nga.

Amelia M. Ilagan et al. 2014 Music, Art, Physical Education and Health – Ikatlong Baitang Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog Unang Edisyon, 2014 Pasig City: Rex Bookstore Inc., 2014, 179

Ang awiting “Bahay Kubo ” ay isang Tagalog Folk Song at awiting pambata na nagpapahiwatig sa kultura ng mga Pilipino. Ang unang linya ng liriko ay mayroong mabagal na tempo o tinatawag nating adagio. Ang pangalawa at ikatlong linya ng liriko naman ay nasa katamtamang tempo o moderato. Ang pang-apat ay may mabilis na tempo o tinatawag nating allegro. Ang **mabagal na tempo** ay karaniwang inaawit pampatulog ng sanggol. Karaniwan itong kinakanta ng mga taong may malungkot na nararamdaman. Ito rin ay kadalasang ginagamit sa mga awiting pagsamba sa ating Diyos. Ang **katamtamang tempo** ay nagpahiwatig ng normal na kilos o galaw ng isang awit. Ang **mabilis na tempo** naman ay nakapagbibigay ng masaya at masiglang damdamin. Ito ay nagpapaindayog o napapasayaw ang mga umaawit at nakikinig nito.



Pagyamanin

Gawain 1

Leron, Leron Sinta

Alberto Florentino

Le - ron, Le-ron, Sin - ta, Bu - ko ng pa - pa - ya, da -
la, da - la'y bus - lo, si - sid - lan ng bu - nga Pag -
da - ting sa du - lo'y na - ba - li ang sa - nga Ka -
pos ka - pa - la - ran hu - ma - nap ng i - ba.

Amelia M. Ilagan et al. 2014 Music, Art, Physical Education and Health – Ikatlong Baitang Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog Unang Edisyon, 2014 Pasig City: Rex Bookstore Inc., 2014, 164

Panuto: Ang awiting Leron, Leron Sinta ay may mabilis na tempo. Sagutin ang mga tanong sa ibaba at isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Ang awiting ito ay nagtataglay ng anong damdamin?
 - a. Tuwa
 - b. Lungkot
 - c. Antok
 - d. Wala sa lahat

2. Ang galaw ng tempo sa awiting ito ay:
- a. Mabagal
 - b. Mabilis
 - c. Napakabaga
 - d. Wala sa lahat
3. Ito ba ay karaniwang ginagamit ng isang ina sa pagpapatulog ng sanggol?
- a. OO
 - b. Siguro
 - c. Hindi
 - d. Wala sa lahat
4. Kadalasan, saan ginagamit ang awiting ito?
- a. Sa lamay
 - b. Sa dasal
 - c. Sa laro
 - d. Wala sa lahat
5. Bakit ginagamit ang awiting ito sa laro?
- a. Dahil nagbibigay ito ng lungkot
 - b. Dahil nagbibigay ito ng sigla at saya
 - c. Dahil nagbibigay ito ng takot
 - d. Wala sa lahat

Gawain 2

Panuto: Ang “Lullaby” ay isang awiting ginagamit sa paghihili o pampatulog ng sanggol. Basahin ang mga tanong sa ibaba at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

LULLABY

$\text{♩} = 57$

Brahms' lullaby



<https://www.youtube.com/watch?v=PDwYCK3KIYc>

- Kung ito ay ginagamit na pampatulog ng sanggol, ano ang galaw ng tempo ng awiting ito?
 - Mabagal
 - Masaya
 - Mabilis
 - Wala sa lahat
- Kung aawitin ng ina ang "Lullaby" sa mabilis na tempo at sumasayaw, ang bata ay:
 - Madaling makatulog
 - Nakangiti at masaya
 - Magugutom
 - Wala sa lahat
- Nagbabago ba ang tempo ng "Lullaby" mula sa simula hanggang wakas?
 - Oo
 - Hindi
 - Siguro
 - Wala sa lahat

4. Narinig mo ang iyong ina na kumakanta dahil pinapatulog nya ang kanyang bagong silang na sanggol. Ang tempo ng kanyang awit ay_____.

a. Mabagal

c. Mabilis

b. Masaya

d. Wala sa lahat

5. Bakit kaya madaling makatulog ang sanggol sa awiting "Lullaby"?

a. Dahil magaling kumanta ang ina

b. Dahil masaya ang kanta

c. Dahil mabagal ang tempo ng kanta


d. Wala sa lahat

Gawain 3

Panuto: Ang "He's Got the Whole World" ay isang awiting nasa katamtaman ang tempo. Awitin ang kantang ito at pagkatapos ay basahin ang mga tanong sa ibaba at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

He's Got the Whole World

Traditional African American spiritual Song



He's got the whole world - in his hands, he's got the whole world in his hands, he's got the

5 whole world - in his hands, he's got the whole world in his hands.

Amelia M. Ilagan et al. 2014 Music, Art, Physical Education and Health – Ikatlong Baitang Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog Unang Edisyon, 2014 Pasig City: Rex Bookstore Inc., 2014, 170

1. Ang awiting ito ay nasa katamtam lamang na tempo. Anong galaw ng hayop ang maihalintulad mo sa awit na ito?
 - a. Pagong
 - b. Pusa
 - c. Kalabaw
 - d. Wala sa lahat

2. Kung sasabayan mo ang tempo nito sa pag-indak ng iyong mga paa, ang galaw ng iyong paa ay _____?
 - a. Mabagal
 - b. Mabilis
 - c. Katamtaman lamang
 - d. Wala sa lahat

3. Ang galaw ng tempo ng awiting ito ay nagbabago.
 - a. OO
 - b. Siguro
 - c. Hindi
 - d. Wala sa lahat

4. Inawit ng iyong kaklase ang awiting ito sa paaralan, ano ang galaw ng kanyang mga labi sa pagbigkas ng mga liriko?
 - a. Katamtaman
 - b. Mabagal
 - c. Mabilis
 - d. Wala sa lahat

5. Bakit katamtaman lang ang galaw ng mga labi ng iyong kaklase ng kanyang awitin ang awit na ito?
 - a. Dahil hindi siya nagmamdali
 - b. Dahil nasa katamtaman lang ang tempo ng kanta
 - c. Dahil relaks lang siya
 - d. Wala sa lahat



Isaisip

Ang tempo ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng iba't-ibang kilos o galaw. Maaari itong mabagal, katamtaman at mabilis. May itinalagang tempo ang bawat awitin na nakaapekto sa paggalaw, pagkilos, at damdamin sa mga umaawit o nakikinig nito.

Ang mabagal na galaw ng tempo ay lumilikha ng mga malulungkot na damdamin o kayay pagkaantok sa nakikinig nito. Ang katamtamang tempo naman ay nagpahiwatig ng normal na kilos ng tempo. Ang mabilis na tempo ay nakaapekto ng ating damdamin. Kaya, sa tuwing kumakanta o nakikinig tayo nito ay sumasaya ang ating damdamin at napapasayaw.



Isagawa

Ten Little Indians Old Song

**Adagio/
Mabagal**

1. One lit-tle, two lit-tle, three lit-tle In-dians, Four lit-tle, five lit-tle, six lit-tle In-dians,
5 sev'n lit-tle, eight lit-tle nine lit-tle In-dians, ten lit-tle In-dian boys.

**Moderato/
Katamtaman**

1. One lit-tle, two lit-tle, three lit-tle In-dians, Four lit-tle, five lit-tle, six lit-tle In-dians,
5 sev'n lit-tle, eight lit-tle nine lit-tle In-dians, ten lit-tle In-dian boys.

**Allegro/
Mabilis**

1. One lit-tle, two lit-tle, three lit-tle In-dians, Four lit-tle, five lit-tle, six lit-tle In-dians,
5 sev'n lit-tle, eight lit-tle nine lit-tle In-dians, ten lit-tle In-dian boys.

Amelia M. Ilagan et al. 2014 Music, Art, Physical Education and Health – Ikatlong Baitang Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog Unang Edisyon, 2014 Pasig City: Rex Bookstore Inc., 2014, 24

Panuto: Awitin mo ang “Ten Little Indians” sa harap ng iyong magulang. Kantahin ito sa mabagal, katamtaman at mabilis na tempo. Hayaan mo ang iyong magulang na kumpletuhin ang tsart na nasa ibaba. Lagyan ng tsek (/) ang hanay na naaangkop sa iyong pag-awit.

Kakayahan	Pinakamagaling	Mas magaling	Magaling
Naawit sa mabagal na tempo			
Naawit sa katamtaman na tempo			
Naawit sa mabilis na tempo			



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti at piliin ang titik na tamang sagot. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

- Ang isang awit ay binubuo ng anong kilos o galaw ng tempo?
 - Mabagal
 - Mabilis
 - Katamtaman
 - Lahat ng nabanggit
- Ang “Leron, Leron Sinta” at “Ten Little Indians” ay napabilang sa anong kilos o galaw ng tempo?
 - Mabagal
 - Mabilis
 - Mabagal at mabilis
 - Wala sa lahat

3. Ang "Silent Night" at "Lullaby" ay napabilang sa ano namang kilos o galaw ng tempo?
- a. Mabagal
 - b. Mabilis
 - c. Katamtaman
 - d. Wala sa lahat
4. Kapag ang tao ay malungkot, ang kinakanta niyang mga awitin ay_____.
- a. Mabagal ang tempo
 - b. Mabilis ang tempo
 - c. Mabagal at mabilis ang tempo
 - d. Wala sa lahat
5. Bakit sa tuwing makarinig tayo ng mga masayang awitin ay mapapasayaw tayo?
- a. Dahil may taglay itong mabilis na tempo
 - b. Dahil may taglay itong mabagal na tempo
 - c. Dahil may taglay itong sumpa
 - d. Wala sa lahat



Karagdagang Gawain

Panuto: Ang “Look at Me” ay isang awit na may mabilis na galaw o kilos ng tempo. Basahin ang mga tanong sa ibaba at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

Look at Me

Unknown

Look at me, look at me, I'm a bum - ble bee, I
Look at me, look at me, I'm a kan - ga - roo, I
Look at me, look at me, I'm a mon - key, I
Look at me, look at me, I'm a tur - tle, I
Look at me, look at me, I'm a migh - ty rain, I

buzz and buzz, I buzz and buzz just like a bum - ble bee.
hop and hop, I hop and hop just like a kan - ga - roo.
climb and climb, I climb and climb just like a mon - key.
walk and walk, I walk and walk just like a tur - tle.
pour and pour, I pour and pour just like a migh - ty rain.

Amelia M. Ilagan et al. 2014 Music, Art, Physical Education and Health – Ikatlong Baitang Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog Unang Edisyon, 2014 Pasig City: Rex Bookstore Inc., 2014, 153

1. Ang awit na ito ay may mabilis na galaw ng tempo kaya ito ay nagbibigay ng _____.
 - a. Saya at indak
 - b. Lungkot at pighati
 - c. Problema
 - d. Wala sa lahat

2. Ang awiting ito ay naghatid ng ligaya, sigla at indak sa mga kumakanta dahil sa tempo nitong _____.
- a. Mabagal
 - b. Mabilis
 - c. Mabagal at mabilis
 - d. Wala sa lahat
3. Ang galaw o kilos ng tempo ng awiting ito mula simula at katapusan ay nanatiling _____.
- a. Mabagal
 - b. Mabilis
 - c. Mabagal at mabilis
 - d. Wala sa lahat
4. Dahil sa mabilis nitong tempo ay akma itong awitin sa _____.
- a. Patay
 - b. Pagdarasal
 - c. Paglalaro o aktibidad sa silid aralan
 - d. Wala sa lahat
5. Bakit masarap sayawin ang awiting ito?
- a. Dahil may taglay itong mabilis na tempo
 - b. Dahil may taglay itong mabagal na tempo
 - c. Dahil may taglay itong sumpa
 - d. Wala sa lahat



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. B 2. A 3. A 4. C 5. A Balikkan 1. B 2. A 3. E 4. D 5. C Tuklasin 1. A 2. C 3. C 4. B 5. A	Pagpamamaliwan Gawain 1 1. A 2. B 3. C 4. C 5. B Gawain 2 1. A 2. B 3. B 4. A 5. C Gawain 3 1. C 2. C 3. C 4. A 5. B	Isagawa Ten Little Indians Tayahin 1. D 2. B 3. A 4. A 5. A Karagdagang Gawain 1. A 2. B 3. B 4. C 5. A
--	--	---

Sanggunian

Amelia M. Ilagan et al. 2014 *Music, Art, Physical Education and Health – Ikatlong Baitang Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog Unang Edisyon, 2014 Pasig City: Rex Bookstore Inc.,2014, 24-179*

Amelia M. Ilagan et al. 2015 *Music Music, Art, Physical Education and Health – Grade 3, Teacher's Guide, First Edition Pasig City: Rex Bookstore Inc.,2014, 25-179*

<https://musescore.com/user/27961252/scores/5335829>

<https://www.youtube.com/watch?v=PDwYCk3KIYc>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph